

MAHALAGANG IMPORMASYON PARA SA MGA DAYUHANG TRIPULANTENG NAGTATRABAHO SA BARKONG NANGINGISDA SA KARAGATAN NG NEW ZEALAND

Maligayang pagdating sa New Zealand. Pinahihintulutan ka ng iyong work visa na magtrabaho sa karagatan ng New Zealand, para sa employer at sa posisyong nakasaad sa visa, hanggang ito ay lumipas (o ikaw ay maaaring maibalik sa yong bansa). Ang New Zealand ay may mga batas hinggil sa iyong mga karapatan bilang isang empleyado at kung ano ang maaaring gawin ng mga dayuhang manggagawa. Mahalagang-mahalaga na alam mo ang mga ito.

Ang iyong mga karapatan

Sa ibaba ay ang mga saligáng legal na karapatan ng dayuhang tripulanteng nagtatrabaho sa barkong nangingisda sa karagatan ng New Zealand.

- Dapat mayroon kang isang kasulatan ng kasunduan sa pagtatrabaho na partikular sa iyong trabaho sa karagatan ng New Zealand (ang iyong 'New Zealand employment agreement'), at kailangan kang bigyan ng kopya nito sa iyong sariling wika. Ito ay magsasabi sa iyo **kung magkano ang iyong sahod, kung paano ito kinakalkula, at kung kailan at paano ito babayaran.** Idedetalye din nito ang ibang mga tuntunin at kondisyon ng iyong trabaho, kabilang din kung ano ang gagawin kung mayroon kayong di-pagkakaunawaan ng iyong employer.
- May karapatan kang humingi ng independiyenteng payo tungkol sa iyong kasunduan sa pagtatrabaho bago mo ito lagdaan.
- Dapat kang bayaran ayon sa mga tuntunin at kondisyong nakasaad sa iyong kasunduan sa pagtatrabaho sa New Zealand. Dapat tugunan, o higitan, ng mga tuntunin at kondisyong ito ang minimum requirements na iginigiit ng Immigration New Zealand bilang kondisyon sa pagbibigay sa iyo ng work visa.

- **Ang minimum requirements ay ang mga sumusunod:**
 - a. Kailangang ideposito ang iyong sahod sa isang New Zealand bank account na nakapangalan sa iyo, maliban kung iba ang iyong hihilingin. Sa lahat ng pagkakataon ang sahod ay dapat ibayad mismo sa iyo, habang ikaw ay nasa New Zealand.
 - b. Kailangan bayaran ka ng kahit minimum wage ng New Zealand **at saka** NZ \$2.00 bawat oras.
Maaari mong tingnan ang kasalukuyang minimum wage sa New Zealand sa employment.govt.nz/minimum-wage o tumawag sa 0800 20 90 20 sa oras ng trabaho. Libre ang tawag na ito.
 - c. Kailangan kang bayaran para sa lahat ng oras na tinarabaho, ngunit kailangang hindi bababa sa 42 oras bawat linggo sa buong panahon ng iyong kasunduan.
 - d. Ang mga tanging kaltas na maaaring ibawas sa iyong sahod ay para sa:
 - Pagkain – ang mga kaltas para sa pagkain ay batay dapat sa totoong halaga, ngunit hindi dapat hihigit sa halagang katumbas ng 10% ng minimum wage, na kinakalkula batay sa oras na iyong tinarabaho.
 - Bayad sa Visa – upang matiyak ang babayaran para sa visa, bisitahin ang www.immigration.govt.nz o tumawag sa 0508 55 88 55 sa oras ng trabaho. Libre ang tawag na ito.
 - Ang halaga ng iyong airfare papunta at galing ng New Zealand, kapag ito ay binayaran ng iyong employer.

Tandaan: Hindi pinahihintulutan ang mga kaltas para sa pagkain, bayad sa visa, at airfare na papabain ang sa iyong sahod nang mas mababa kaysa minimum wage ng New Zealand, na kinakalkula batay sa oras na iyong tinarabaho.

Tandaan: Maaari kang makipagsundo sa iyong employer na ibabalik mo ang pera para sa anumang pansariling gastusin na iyong hihilingin tulad ng phone card at sigarilyo ngunit ito ay dapat na nakasaad sa isang kasulatan.

- e. **Walang ibang kaltas ang maaaring ibawas sa iyong sahod.** Kabilang dito ang tirahan, libangan o mga video, health insurance at kagamitang pangkaligtasan o damit pangkaligtasan.
- Siyasatin ang iyong kasunduan sa pagtatrabaho para malaman kung magkano ang iyong sahod at kung paano ito kinakalkula. Tandaan, wala sa iyong kasunduan sa pagtatrabaho ang nagpapahintulot na bayaran ka nang mababa kaysa sa minimum wage na inilarawan sa itaas.
- Ikaw ay makatatanggap ng karagdagang sahod para sa pagtatrabaho sa araw ng pista-opisyal, at bayad para sa taunang bakasyon (annual holiday). Dapat mo itong matanggap pagkatapos ng 12 buwang serbisyo o sa pagwawakas ng iyong kontrata. Maaari ka ring tumanggap ng bayad kapag ikaw ay hindi makapagtrabaho dahil sa ikaw ay may sakit.
- Dapat kang bayaran sa lahat ng oras na iyong tinarabaho. Ang oras ng trabaho sa industriya ng pangingsda ay maaaring magbagu-bago. May talaan dapat ng oras ng iyong pagtatrabaho ang iyong employer, na kailangan mong lagdaan. Gayunman, ikaw ay hinihimok na magtago ng sariling talaan ng oras ng iyong pagtatrabaho.
- Dapat kang bayaran mismo ng employer. Dapat kang bigyan ng iyong employer ng sarili mong bank account sa New Zealand, na nakapangalan sa iyo, at dapat ideposito ang iyong sahod sa bank account na ito maliban kung iba ang iyong hiniling. (Cash lamang ang tanging ibang paraan ng pagbabayad na pinahihintulutan.)
- May karapatan kang magtrabaho sa isang ligtas na kapaligiran. Hindi pinahihintulutan ng New Zealand ang karahasan laban sa mga trabahador o ang di-ligtas na kondisyon sa trabaho. Kung ikaw ay nakararanas ng karahasan o ng di ligtas na kondisyon sa trabaho, maaari kang sumangguni sa Department of Labour o sa Pulisya. Bibigyang pansin ng Pulisya o ng Ministry ang iyong reklamo.
- Kung ikaw ay nasaktan o naaksidente, kailangan mong ipagbigay-alam ito sa iyong employer.
- **Ang iyong kasunduan sa pagtatrabaho ay magtataglay ng proseso sa paglutas ng anumang hidwaang mayroon ka sa iyong employer.** Kasama dito ang anumang hidwaan sa iyong sahod, o kalagayan sa iyong tirahan at trabaho. **Kung mayroon kang problema sa trabaho, subukang lutasin ito sa pamamagitan ng mga prosesong ito.**

- **Lagi kang may karapatan para sa independiyenteng representasyon (hindi kaugnay sa anumang ahenteng ginagamit sa paghahanap ng trabaho - manning agent) upang lutasin ang anumang problema ninyo ng iyong employer.**
- Kung may gusto ka pang malaman tungkol sa mga isyung ito, may iba ka pang katanungan o nais mong maghain ng reklamo, maaari mong:
 - Tawagan ang kumpanya sa New Zealand na umuupa sa barkong iyong pinagtatrabahuhan.
 - Tawagan ang Ministry sa pamamagitan ng aming website, www.mbie.govt.nz, o tumawag sa 0800 20 90 20 sa oras ng trabaho.
 - Tawagan ang anumang unyong may-kinalaman o ibang tripulanteng kinatawan.

Ang iyong obligasyon

- Maaari ka lamang magtrabaho sa employer at sa trabahong nakasaad sa iyong work visa. Kapag nagtrabaho ka sa anumang ibang gawain o sinumang ibang employer, lalabagin mo ang kondisyon ng iyong visa at maaari kang maipabalik sa yong bansa.
- Kapag lumipas ang iyong work visa, magiging ilegal ang iyong pananatili sa New Zealand at kailangan kang huminto sa pagtatrabaho at lisanin ang New Zealand. Maaari mong i-apela ang obligasyong lisanin ang New Zealand sa Immigration and Protection Tribunal sa loob ng 42 araw ng paglipas ng iyong visa. Kapag hindi ka nagsumite ng iyong apela, maaari kang hulihin at ipabalik sa iyong bansa. Nangangahulugan ito na hindi ka na maaaring bumalik sa New Zealand sa susunod.
- Kung may katanungan ka tungkol sa kalagayan ng iyong imigrasyon, tawagan ang kumpanya sa New Zealand na umaarkilá sa barkong iyong pinagtatrabahuhan, o tawagan ang Immigration New Zealand sa 0508 55 88 55, mag-email sa info@immigration.govt.nz o sumulat sa PO Box 3773, Shortland St, Auckland.

Tandaan

- Hindi ka maaaring bumaba ng barko para magtrabaho o mamasukan sa ibang employer. **Kapag ginawa mo iyon, ipababalik ka ng New Zealand sa iyong bansa at babawalang makabalik.** Huwag kang maniwala sa sinumang magsasabing puwede mong gawin iyon.
- Ipagbigay-alam sa mga opisyal ng iyong barko, o iyong kinatawan sa New Zealand, ang anumang paglapit sa iyo ng mga taong nagpapayong iwanan mo ang iyong trabaho sa barko upang magtrabaho sa pampang.
- Tiyakin na laging napapanahon ang iyong seaman's book. Maaari mong kailanganin ang impormasyong ito para sa trabaho at mga work visa sa hinaharap.